K

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**
**Kuwarter 1: Linggo 3**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Curriculum sa Taong Pampanuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

**Bumuo ng Materyal**

**Sinuri at Pinagyaman**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Internal:** | Marissa M. Andanza | Ruby E. Baniqued | Gemma G. Bernardo |
| | Dalisay E. Esguerra | Florita R. Matic | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | Aubrey M. Arebuabo |
| | Jever E. Sales | Evelyn M. Ramos | |
| **External:** | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| **Tagalapat:** | Dorothy Grace I. Reyes | Ana Lisa M. Mesina | Edgardo Q. Reyes |
| | Cristina Rivera | Klarize B. Bermejo | |
| **Tagaguhit:** | | | |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regonal Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Petsa: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Lingguhang Bilang: | 3 |
| | Pangkat: | | Markahan: | 1 |
| | Tema: | *Knowing Who We Are and Our Families* | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (*Content Standard*)** | *The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.* |
| **B. Pamantayang Pagganap (*Performance Standard*)** | *The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.* |
| **C. Mga Kasanayang Pagkatuto (*Learning Competencies*)** | • *Express oneself through music, arts, and movement;*<br>• *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements;*<br>• *Narrate one's personal experiences*<br>• *Identify one's given name, friends' names, their family members, and common things they use that are found at home;*<br>• *Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal*<br>• *Identify body parts and their functions; and.*<br>• *Practice ways of caring for and protecting one's body;* |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Nasasabi ang pangunahing impormasyon tungkol sa sarili gaya ng pangalan, edad, kaarawan at kasarian<br>• Nasasabi na ang bawat isa ay natatangi. Maaaring may mga pagkakaparehas sila sa iba ngunit mayroon ding pagkakaiba.<br>• Nasasabi kung paano pangangalagaan ang mga bahagi ng katawan. |
| **E. Nilalaman/Paksa (Content Focus)** | Ako ay bukod-tangi. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Arrival Time / Free Play*** | Batiin ng pinakamatamis na ngiti ang mga bata habang pinapapasok sa silid-aralan.<br>Habang naghihintay sa kanilang kaklase, hikayatin silang pumili ng mga laruan, babasahin o bagay na kanilang magustuhan na nasa kabinet o *learning nook*. Bigyang-diin ang paglalaro upang malinang sa mga mag-aaral ang mahahalagang kakayahan gaya ng *language, social skills, cognitive skills and even gross and fine motor skills.*<br><br>Kapag kumpleto na ang mga bata, sabihin sa kanila na iligpit na ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-uumpisa ng klase.<br><br>Pagkatapos ng sampung minuto, ipakanta ang "Isa, Dalawa, Tatlo" o iba pang awiting maaaring gamitin habang pinapaupo ang mga bata.<br><br>(Maaaring sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* para sa karagdagang sanggunian.) | | | | |
| ***Meeting Time 1***<br>(15 minuto) | **Pambansang Awit**<br>**Panalangin**<br>**Ehersisyo**<br>**Kumustahan** (Kumustahin ang mga bata. Magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila. Maaaring hikayatin silang magbigay ng maikling karanasan o nalalaman tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari o *current events.*)<br><br>**Balitaan:** (Ipakanta ang mga awiting may kinalaman sa araw o petsa, buwan, panahon, at iba pa.<br>Halimbawa: Pito-pito (mga araw sa isang Linggo) Lubi-lubi (mga buwan sa isang taon) Ang Panahon (tungkol sa panahon)<br>Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay (e.g., Linggo)<br>Ngayon ay ________<br>Bukas ay ________<br>Ang petsa ngayon ay ika- ________ ng ________ taon ________<br><br>Sabihin: Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang iyong mga kaklase. Bilangin natin ang mga babae at lalaki. (Maaaring patayuin ang bawat batang | | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | mabibilang.<br>Itanong: Ilan ang mga babae? lalaki? Alin ang mas marami, babae o lalaki? Ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin. (Gabayan ang mga bata sa pagbibilang.)<br><br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |
| **Mga Mensahe** | Mayroon akong pangalan.<br><br>Mayroon din akong palayaw.<br><br>Mahalagang may pangalan ang mga tao. | | Ako ay isang lalaki.<br><br>Ako ay isang babae.<br><br>Aalagaan ko ang mga bahagi ng aking katawan. | Ako ay ______ taong gulang.<br><br>Alam ko ang aking kaarawan.<br><br>Mahalaga ang araw noong ako ay ipinanganak. | Ako ay bukod-tangi.<br><br>Mayroon kaming mga pagkakapareho o pagkakatulad pero mayroon din kaming mga pagkakaiba. |
| **Mga Katanungan** | Ano ang iyong buong pangalan?<br><br>Bakit mahalaga ang pangalan ko? | Ano ang iyong palayaw?<br><br>Ano-ano ang pangalan ng inyong mga guro, kaklase at kaibigan sa paaralan? | Ikaw ba ay lalaki o babae?<br><br>Ano-ano ang bahagi ng katawan ng isang babae? lalaki?<br><br>Paano mo mapangangalagaan ang mga bahagi ng iyong katawan?<br><br>Sino-sino ang babae at lalaki sa ating silid-aralan? | Ilang taon ka na?<br><br>Kailan ang iyong kaarawan?<br><br>Paano ipinagdiriwang ang iyong kaarawan? | Sa anong paraan kayo may pagkakapareho ng iyong mga kaklase?<br><br>Ano naman ang inyong pagkakaiba? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Sino-sino ang babae at lalaki sa inyong bahay?<br><br>Sino-sino ang babae at lalaki mong kaibigan? | | |
| ***Circle Time 1 (Work Period)***<br>(45 minuto) | Gumamit ng kuwento bilang lunsaran ng kompetensing tatalakayin. Linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig. Ipaawit sa mag-aaral ang "Kaibigang Libro". Hikayatin ang mga mag-aaral na magsabi kung ano ang kanilang nakikita sa pabalat ng aklat na gagamitin. Sabihin ang pamagat ng kuwento, pag-usapan ang larawang-guhit at ang may-akda nito. Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral. | | | | |
| | (Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa pangalan.)<br><br>*Story*: **Ang Aking Kaibigan** (Laarni G. Casidsid, ABC+ Project, DepEd, US AID, RTI International, The Asia Foundation, SIL LEAD, Florida State University)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● kasing-edad<br>● lumingon<br>● isinenyas<br><br>Pagganyak:<br>Ano ang inyong pangalan?<br><br>Pagganyak na Tanong:<br>Paano kaya nagpapakilala sa isa't isa ang mga bata sa kuwento? | | (Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa kasarian.)<br><br>*Story*: **Magkamukhang, magkaiba** (May Ann C. Baltero, DepEd-Division of Puerto Princesa City)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● kahanga-hanga<br>● kambal<br>● mithiin<br><br>Pagganyak:<br>Sino ang mga lalaki? Sino naman ang mga babae?<br><br>Pagganyak na Tanong:<br>Paano natin nalalaman kung sino ang mga | (Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa kaarawan.)<br><br>*Story*: **Isang Taon na si Beth** (Rene Villanueva, Adarna House, Inc.)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita na nasa kuwento.<br>● laso<br><br>Pagganyak:<br>Ilang taon na kayo?<br><br>Pagganyak na Tanong:<br>Paano kaya ipinagdiwang ang kaarawan ni Beth? | (Maaaring gumamit ng ibang kuwentong tungkol sa magkaibigan.)<br><br>*Story*: **Si Rose at si Alma** (Pablito Petallar, US AID and ABC+ Project)<br><br>Ipaliwanag ang konsepto ng pagkakaibigan.<br><br>Pagganyak:<br>Mayroon ka bang kaibigan? Sino-sino sila? |


DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | babae at sino ang mga lalaki? | | Pagganyak na Tanong: Paano naging magkaibigan sina Rose at Alma? |
| ***Teacher's Supervised Activity*** | Talakayan tungkol sa kuwento:<br><br>Magtanong hinggil sa mga pangyayari sa kuwento. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (*critical thinking*).<br><br>Mga halimbawa:<br>*Ano ang inyong buong pangalan?*<br><br>*Saan nanggaling ang inyong pangalan?*<br><br>*Paano nabuo ang iyong pangalan?*<br><br>*Karapatan ba ng isang bata na magkaroon ng pangalan? Bakit?* | Talakayan tungkol sa kuwento:<br><br>Magtanong hinggil sa mga pangyayari sa kuwento. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (*critical thinking*).<br><br>Mga halimbawa:<br>*Ano ang inyong maikling pangalan o palayaw?*<br><br>*Ilang letra mayroon ang inyong palayaw?*<br><br>*Bakit kaya mayroong palayaw?* | Talakayan tungkol sa kuwento:<br><br>Magtanong hinggil sa mga pangyayari sa kuwento. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (*critical thinking*).<br><br>Mga halimbawa:<br>*Ano-ano ang pagkakaiba ng mga babae sa mga lalaki?*<br><br>*Bakit mahalagang alam mo ang pagkakaiba ng babe at lalaki?*<br><br>*Ano-ano ang bahagi ng katawan ng isang babae? lalaki?*<br><br>*Bakit dapat ingatan ang mga bahagi ng ating katawan?* | Talakayan tungkol sa kuwento:<br><br>Magtanong hinggil sa mga pangyayari sa kuwento. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (*critical thinking*).<br><br>Mga halimbawa:<br>*Ano ang ginagawa ninyo tuwing inyong kaarawan?*<br><br>*Bakit mahalaga ang kaarawan?*<br><br>*Karapatan ba ng isang batang gaya mo na maipanganak nang malusog? Bakit?* | Talakayan tungkol sa kuwento:<br><br>Magtanong hinggil sa mga pangyayari sa kuwento. Gumamit ng LOTS hanggang HOTS na tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip (*critical thinking*).<br><br>Mga halimbawa:<br>*Ano ang mga katangian nina Rose at Alma?*<br><br>*Paano ba makipagkaibigan?* |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ang mga gawain ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang *expressive* at *receptive language* gayundin ang kanilang *fine and gross motor skills.* Iminumungkahing gumamit ng iba pang *play-based activities* upang mas maging interesado sila sa mga gawain. | | | | |
| | Mungkahing Gawain: **Ang Aking Buong Pangalan** (Maaaring ipadikit sa isang papel ang kanilang larawan at ipasulat sa ilalim nito ang kanilang pangalan upang makagawa ng self-*portrait*. Ipabakat ang mga letra nito kung hindi pa nila kayang isulat. Maaari ring bigyang-diin ang pagbigkas ng tunog sa bawat letra ng kanilang unang pangalan. Sumangguni sa Apendiks para sa detalye.) | Mungkahing Gawain: **Ako ay si _______.** (Bigyang-diin ang pagbigkas ng tunog sa bawat letra ng pangalan. Sumangguni sa Apendiks para sa detalye.) | Mungkahing Gawain: ***Class Puppets*** (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye.) | Mungkahing Gawain: ***Birthday Wall*** (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye.) | Mungkahing Gawain: ***Class Slam Book*** (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye.) |

| | |
|---|---|
| ***Supervised Recess*** (15 minuto) | *Ihanda ang mag-aaral para sa Supervised Recess.*<br><br>*Sabihin:*<br>*Mga bata, mayroon lamang tayong labinlimang minuto para kumain. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay- sabay na magbilang mula 1 hanggang 10 o 20 kung kaya bilang paghahanda sa recess.*<br><br>*Tawagin natin si __________, ang ating prayer leader* (ayon sa *Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating pagkain.*<br><br>*Sabihin: Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Habang naghuhugas ng kamay ang mga bata, magtanong ng ilang bagay tungkol sa* pangangalaga at pagpoprotekta sa katawan.<br><br>*Itanong: Anong mga bahagi ng katawan ang ating ginagamit sa pagkain? Bakit kailangang maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain.*<br><br>Habang kumakain na ang mga mag-aaral, maaaring magtanong ang guro tungkol hugis, laki, o lasa ng kanilang kinakain.<br>Itanong: *Ano ang iyong meryenda? Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang naghanda ng inyong pagkain? Bakit mahalagang nguyain nang mabuti ang kinakain? Sino ang walang baon? Maaari ba ninyong ibahagi ang inyong baon sa iba?*<br><br>Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsesepilyo. Ipaalala na mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaaring magpalit ng damit kung nabasa o pinawisan. |
| ***Quiet / Nap Time*** (10 minuto) | Iparinig nang mahina ang *recorded* na awiting,"Ang Munting Bituin" habang nagpapahinga ang mga bata. Maaaring gumamit ng iba pang awitin. Mahalaga ang bahaging ito sa pagsasaalang-alang ng *short attention span* at *socio-emotional learning* ng mga mag-aaral. |
| **Circle Time 2 (*Work Period*)** (40 minuto) | *Sabihin sa mga bata na tapos na ang sampung minuto ng pahinga. Muling maghanda ng iba pang masasayang gawain. Kakantahin nating muli ang "Masaya kung Sama-Sama".* (Sumangguni sa Apendiks para sa kopya ng awitin. Maaaring gumamit ng iba pang kaugnay sa awit.) |




DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Learn a Song: Where is ______?* | | *Learn a Song: Where are the boys? Where are the girls?* | *Learn a Song: Where are the five-year-old?* | *Learn a song: Where is thumbkin?* |
| | Muling pabalikan sa mga mag-aaral ang kanilang pangalan na binakas. Ipatukoy sa kanila kung ilang letra ang kanilang buong pangalan. Ipahambing ang mga bilang upang matukoy kung kaninong pangalan ang may letrang mas marami, mas kaunti o magkapareho ng bilang. | Hikayatin ang mga mag-aaral na sabihin ang kanilang palayaw. Ipatukoy sa kanila kung ilan ang letra at ang tunog ng kanilang palayaw. Ipahambing ang mga bilang upang matukoy kung kaninong palayaw ang may letrang mas marami, mas kaunti o magkapareho ng bilang. | Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng mga katangian ng kanilang mga kamag-aral o kaibigan. Bigyang-diin na maging maingat sa paglalarawan sa isang tao upang hindi makasakit ng damdamin.<br><br>Katangian ayon sa: hugis ng mukha, taas o laki, kulay ng balat, haba ng buhok, kasarian, at iba pa. | Maghanda ng mga *headdress* na may bilang 1 hangang 10. Damihan ang *headdress* na may bilang 5 at 6 ayon sa bilang ng mag-aaral na may ganitong edad. Habang umaawit, ipapili sa mga mag-aaral ang *headdress* na angkop sa kanilang edad. Ipatukoy sa kanila kung ilan ang may edad 4, 5 at 6. Ipahambing ang mga bilang upang matukoy kung aling grupo ng edad ang mas marami, mas kaunti o magkapareho ng bilang. | Muling balikan ang mga napakinggang kuwento. Isa-isang ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawan ng tauhan sa kuwento at hikayatin silang bumuo ng sariling pasalitang kuwento tungkol sa kanilang kaibigan ayon sa larawang ipinakikita (batang babae at lalaki). Magbigay ng mga gabay na tanong tungkol sa paglalarawan ng katangian ng kaibigan kung kinakailangan. |
| **Mga Gawain sa Grupo/ *(Independent Activities)*** | Sa paghahanda ng mga pangkatang gawain, isaalang-alang ang kakayahan (*ability)* at *learning styles* ng mga mag-aaral. Pumili ng mga gawain na angkop sa kanilang edad (*developmentally appropriate*), *play-based* at *inclusive* upang magkaroon ng *child-centered learning environment.* Siguraduhin na iba't iba ang *skills* ng mga mag-aaral ang lilinangin sa pangkatang gawain.<br><br>Sabihin sa mag-aaral na may mga inihandang gawain sa bawat grupo. Pangkatin sila ayon sa kanilang kakayahan at interes. Maaring bumuo ng dalawa hanggang tatlong pangkat.<br>Ibigay ang *rubrics* sa isasagawang mga gawain upang maging gabay ng mga-aaral sa kanilang gagawing *performance tasks.*<br>Ipaliwanag na mabuti ang mga pamantayan sa pagsasagawa nito gayundin ang minutong gugugulin sa paggawa. | | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><td rowspan="2"></td><td colspan="5">Hikayatin ang lider ng bawat grupo na kumuha ng mga gamit na kailangan sa isasagawang gawain at ibahagi ang mga ito sa kaniyang miyembro. Magtalaga ng ibang lider sa susunod na araw upang lahat ay mabigyan ng pagkakataon. Maaari ring hikayatin ang bawat grupo na ikuwento sa klase ang kanilang natapos na gawain upang malinang ang oral language skill at self-confidence.<br><br>Pagkatapos ng gawain, hikayatin ang mga mag-aaral na ibalik sa tamang lagayan ang mga kagamitang ginamit. Sabihin sa kanila na sabayan sa pagbibilang ang guro mula isa hanggang sampu para tapusin na ang kanilang ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit. Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga kagamitan.</td></tr>
<tr>
<td>Mga mungkahing gawain ng bawat pangkat:<br><br>Rubrik:<br>Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.<br> - nagawa nang maayos ang gawain nang walang gabay ng guro at sakto sa oras<br><br> - natapos ang gawain nguni't nangailangan ng gabay ng guro</td>
<td>Mga mungkahing gawain ng bawat pangkat:<br><br>Rubrik:<br>Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.<br> - nasunod nang maayos ang pamamaraan sa gawain ayon sa itinakdang oras<br> - nagawa ang gawain nguni't lagpas sa</td>
<td>Mga mungkahing gawain ng bawat pangkat:<br><br>Rubrik:<br>Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.<br> - nasunod nang maayos ang pamamaraan sa gawain ayon sa itinakdang oras<br><br> - nakasunod sa panuto ng gawain</td>
<td>Mga mungkahing gawain ng bawat pangkat:<br><br>Rubrik:<br>Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.<br> -nagawa nang maayos ang gawain ng walang gabay ng guro at sakto sa oras<br><br> - natapos ang gawain nguni't nangailangan ng gabay ng guro</td>
<td>Mga mungkahing gawain ng bawat pangkat:<br><br>Rubrik:<br>Bigyan ng simbolo ang bawat grupo ayon sa kanilang ginawa. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat simbolong ibibigay.<br> - nasunod nang maayos ang pamamaraan sa gawain ayon sa itinakdang oras<br><br> - nagawa ang gawain nguni't lagpas sa</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | itinakdang oras<br><br>- natapos ang gawain nguni't nangailangan ng gabay ng guro | nguni't nangailangan ng gabay ng guro | | itinakdang oras<br><br>1 -natapos ang gawain nguni't nangailangan ng gabay ng guro |
| | Pangkat 1:*Throw the Dice and Tell*<br>● Ipahagis ang *letter dice*.<br>● Kung ang letrang nasa ibabaw ng inihagis na *dice* ang simula ng pangalan ng batang kasali sa grupo, siya ang magsasabi ng kaniyang buong pangalan.<br>● Muling ipahagis ang *letter dice* hanggang ang lahat ay makapagsabi ng kaniyang buong pangalan. | Pangkat 1: Buoin Mo Ako!<br><br>● Bigyan ng *letter cut-outs* ang mga bata.<br>● Ipapili sa kanila ang mga letra ng kanilang palayaw.<br>● Ipadikit ito sa isang papel. | Pangkat 1: *Simon Says*<br>● Ibigay ang mga dapat tandaan o pamantayan sa kapag nagsasagawa ng laro.<br>● Ipapangkat sa mga mag-aaral ang sarili ayon sa sasabihin ng guro:<br><br>*Simon says group yourselves according to:*<br>1. *gender (male/female)*<br>2. *picking up toys/things commonly used by girls and boys*<br>3. *favorite colors of boys and girls* | Pangkat 1: *Age Card*<br>● Bigyan ng *age card (card* na may edad ng mga bata) ang pangkat.<br>● Ipatanong sa miyembro ang edad ng bawat isa.<br>● Pakulayan ang bilang ayon sa edad ng mga miyembro ng pangkat. | Pangkat 1: Kuwento sa Likod ng Larawan<br>● Ipakita ang larawan ng babae at lalaki.<br>● Ipapili kung aling larawan ang may kuwento silang nais ibahagi sa pangkat.<br>● Ipasabi ang pangalan ng larawang napili at kung ano ang kaniyang kaugnayan dito. (Halimbawa: larawan ng lalaki: Carlo, siya ang tatay ko.)<br>● Ipakuwento ang kanilang karanasan habang ipinakikita ang napiling larawan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Maaari ring gawin ang susumunod na mungkahing gawain kung kumplikado ang naunang suhestyon.<br>• Pagbuo ng *puzzles* ng larawan ng babae at lalaking kaibigan. Ipasabi ang natatanging katangian ng bawat larawan.<br>• Pagsasagawa ng *dramatic play* tungkol sa paborito nilang gawin ng kaniyang kaibigan<br>• Paggawa ng *art activity* gaya ng *beads bracelet*, *card* para sa kaibigan |
| | Pangkat 2: *Decorate Me*<br>• Bigyan ang bawat bata ng papel na may nakasulat ng buo niyang pangalan.<br>• Palagyan ng dekorasyon o | Pangkat 2: Bilangin Mo Ako!<br>• Bigyan ang bawat bata ng papel na may nakasulat ng kaniyang palayaw.<br>• Ipabilang ang mga letra nito. | Pangkat 2: *Gender Card*<br>• Bigyan ng *gender cards (card* na may *drawing* ng babae at lalaki) ang pangkat.<br>• Magtanong tungkol sa araling natapos | Pangkat 2: *Sorting Box*<br>• Ibigay sa pangkat ang *number cutouts.* Siguraduhing may sapat na dami ng bilang ang *number* | Pangkat 2: Mahahalagang Impormasyon, Alam Ko<br>• Ipakita ang larawan ng babae at lalaki.<br>• Ipapili kung aling larawan ang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *drawing* ang paligid ng kanilang pangalan gamit ang *colored pen* o *crayon, yarn, beads, etc.*<br>• Ipakuwento sa bawat bata kung bakit ito ang inilagay niyang dekorasyon. | • Ipasulat sa gilid ng papel ang bilang ng mga letra ng kaniyang palayaw. | na at unahan sa pagsagot ang mga bata. (Halimbawa: Ilang ang lalaki sa loob ng silid-aralan? Ilang ang babae?<br>• Kung batang babae ang makasasagot na una ay kukulayan ang *gender card* ng babae. Kung lalaki, *gender card* para sa lalaki ang kukulayan.<br>• Ang unang pangkat ang makatatapos magkulay ang panalo. | *cutouts* ayon sa edad ng mga bata.<br>• Ibigay rin ang mga kahon na may markang bilang na 4- 6.<br>• Ipahanap ang sa *number cutouts* ang edad ng mga miyembro ng pangkat.<br>• Ipalagay sa loob ng kahon ang *number cutouts* ng kanilang edad.<br>• Ipaulat sa klase kung ilan sa pangkat ang may edad 4, 5 at 6. | tumutukoy sa kanilang kasarian.<br>• Ipasabi ang kanilang buong pangalan, palayaw, edad, kaarawan at kasarian habang hawak-hawak ang larawan.<br>Maaari ring gawin ang susumunod na mungkahing gawain kung kumplikado ang naunang suhestyon.<br>• Paglalagay ng iba pang impormasyon bukod sa pangalan sa ginawang *self-portrait* sa nakaraang gawain<br>• Paglalaro ng ”Little Miss U” gaya ng pagpapakilala gamit ang mahahalagang impormasyon tungkol sa sarili. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangkat 3: *Tell the Sound*<br>● Ipamigay sa bawat bata ang papel na may buo nilang pangalan.<br>● Ipa-isa-isa ang mga letra nito.<br>● Ipabigay ang tamang tunog ng bawat letra ng kanilang pangalan. | Pangkat 3: Pangkatin Mo Kami!<br>● Ibigay sa pangkat ang mga papel na may nakasulat na palayaw ng lahat ng mag-aaral ng buong klase.<br>● Ibigay rin ang mga kahon na may markang bilang na 4- 6.<br>● Ipabilang ang mga letra ng palayaw.<br>● Ipalagay sa loob ng kahon ang mga palayaw ayon sa bilang ng mga letra nito. | Pangkat 3: *Race to Top*<br>● Papilahin ang mga miyembro ng pangkat na magkahiwalay ang mga babae at lalaki.<br>● Magtanong tungkol sa araling natapos na at unahan sa pagsagot ang mga bata. (Halimbawa: Ilan ang lalaki sa loob ng silid-aralan? Ilan ang babae? Ano ang buong pangalan ni_____? (Magbanggit ng palayaw.) Ano ang palayaw ni______? (Magbanggit ng buong pangalan.)<br>● Kung batang babae ang makasasagot na una, siya ang hahakbang papunta sa *finish line.* Kung lalaki naman ang naunang sumagot, siya ang hahakbang pasulong.<br>● Ang unang pangkat na | Pangkat 3: *Gender-Age Card*<br>● Bigyan ng *gender age- cards (card* na may *drawing* ng babae at lalaki) ang pangkat.<br>● Ipatanong sa miyembro ang edad ng bawat isa.<br>● Pakulayan ang *gender-age card* kung ilan ang babae na may edad 4, 5 at 6 ayon sa kulay:<br>4- dilaw<br>5- pula<br>6- rosas<br>● Kung lalaki naman, gamitin ang sumusunod na bilang:<br>4- asul<br>5-kahel<br>6-berde<br>● Ipaulat sa klase kung ilan sa pangkat ang may edad 4, 5 at 6 na babae at lalaki. | Pangkat 3: Magkakapareho Kami!<br>● Ipamigay ang *months of the year cutouts/ number cutouts* na may sapat na bilang ayon sa buwan/araw/taon ng kaarawan ng mga mag-aaral.<br>● Ipapili ang buwan/araw/taon ng kanilang kapanganakan.<br>● Ipapangkat ang sarili ayon sa pagkakapareho ng buwan/araw/taon ng kanilang kapanganakan.<br>● Ipaulat sa klase ang natapos na gawain.<br>Maaari ring gawin ang susumunod na mungkahing gawain kung kumplikado ang naunang suhestyon.<br>● Paglalaro ng ”*group yourselves*” ayon |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | makakarating sa dulo ng *finish line* ang panalo. | | sa ibibigay na impormasyon ng guro. Halimbawa: Magsama-sama ang lahat ng mag-aaral na may magkaka-parehong: buwan ng kapanganakan, taon ng kapanganakan, at iba pang detalye tungkol sa sarili. |
| | Mga iba pang mungkahing gawain sa *Numeracy Skill Development (Independent Activity):*<br>● *Playdough Numbers*<br>● Nasaan ang Bilang?<br>● *Color Hunt*<br>● *Shape Sorting* | | | Mga iba pang mungkahing gawain sa *Early Literacy (Independent Activity):*<br>● *Playdough Letters*<br>● *Picture Puzzle*<br>● *Rhyming Word Sit Down Game*<br>● *Spell it!* | |
| | (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng mga gawain.) | | | | |
| ***Indoor/ Outdoor Play*** (35 minuto) | Muling magpaawit upang ihanda ang mga mag-aaral sa susunod na gawain. Mahalagang magkaroon ng maayos na *transition* ang bawat gawain upang hindi magdulot ng *stress* sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, masisigurado ang pagpapanatili ng *safe and secure learning environment* at *child-centered atmosphere.* Maaari ring hikayatin ang mga mag-aaral na pumili ng gawaing nais. Mahalaga ito sa pagsasaalang-alang ng *socio-emotional learning* ng mga mag-aaral.<br><br>Sabihin: Handa na ba kayong maglaro? Ano-ano ang dapat tandaan sa paglalaro?<br><br>Mga mungkahing gawain: | | | | |
| | Malayang Paglalaro | *Freeze/Stop Dance* | Lumulubog ang Bangka | *Bring Me!* | *Bottle and Straw Relay* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| | Maaari ring ipagawa ang **picture puzzle.** Tingnan ang pamamaraan sa Apendiks.<br>(Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng pagpapapila ng mga bata. Kung sa loob ng silid-aralan ang gawain, hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng kanilang gagawin.)<br><br>Sabihin: Pagkatapos ng sampung minuto, ibabalik na natin ang mga ginamit sa paglalaro. Mahalagang matuto tayong magligpit ng ating mga gamit.<br><br>Itanong: Nagustuhan ba ninyo ang ating ginawa? Paano ninyo naisagawa nang maayos ang gawain? |
| ***Wrap-up Time* (mensahe) & *Dismissal*** (20 minuto) | Para sa *holistic learning,* itanong sa mag-aaral kung ano ang nagustuhan nilang bahagi sa aralin.<br><br>Sabihin: Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbigay kayo ng gawaing natatandaan. Sabihin kung ano ang pinakanagustuhan. Ibigay din ang inyong natutuhan.<br><br>Bago lumabas sa silid-aralan, papilahin ang mga mag-aaral sa dalawang hanay, isang pila sa lalaki at isa sa babae.<br><br>Ipaawit ang kantang “Paalam”, bago mag-uwian. |
| ***Dismissal Routine:*** Mag-ingat sa pag-uwi. Bumalik sa klase ang walang sundo. Laging mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid. (Paalalahanan ang mga bata kung may *meeting* ang mga magulang o ’di kaya’y kung may sulat para sa kanila.) | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

Inihanda ni: Sinuri ni: Pinagtibay ni:

| Guro | Dalubguro | Punongguro |
|---|---|---|



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema** *(Independent Activities)*

**1. Ang Aking Buong Pangalan**

**Mga Layunin:**
1. Nalilinang ang kasanayan sa pagbigkas ng tunog ng letra sa mga letra ng buong pangalan *(Literacy Skill Development)*
2. Nalilinang ang kasanayan sa pagsulat o pagbakat ng linya sa mga letra ng buong pangalan *(Writing Skill Development)*
3. Nalilinang ang kasanayan sa pagbilang sa mga letra ng buong pangalan *(Numeracy Skill Development)*
4. Nalilinang ang kasanayan sa paghahambing ng bilang ng kanilang buong pangalan *(Numeracy Skill Development)*

**Mga Kagamitan:** papel, panulat o *marker*, *manila paper*, pandikit
**Mga Kasali:** lahat ng mga bata sa klase
**Paghahanda:**
1. Maghanda ng sulatang papel na may linyang gabay sa pagsulat ng pangalan.
2. Isulat sa papel ang mga letra na may linyang putol-putol ang pangalan ng mga mag-aaral. Maaari ring gumamit ng *letter cutouts* ng pangalan ng mag-aaral.
3. Maaaring gumamit ng pare-parehas na kulay ng papel para sa mga batang lalaki. Ibang kulay naman na magkakamukha rin para sa mga batang babae.

**Pamamaraan:**
1. Ibigay sa mga bata ang mga papel na parihaba na may pangalan nilang may letrang putol-putol ang linya.
2. Ipabakas sa kanila nang maayos ang kanilang buong pangalan.
3. Ipatukoy at ipabigkas nang tama ang tunog ng bawat letra nito.
4. Kapag nabigkas na ang tunog ng bawat letra ng kanilang pangalan, ipadikit sa bawat bata ang kanilang pangalan na nakaayos sa *manila paper*.
5. Ipabilang ang mga letra ng kanilang buong pangalan.
6. Ipahambing ang mga bilang upang matukoy kung kaninong pangalan ang may letrang mas marami, mas kaunti o magkapareho ng bilang.

Karagdagang gawain: Ipatanong sa magulang, tagapag-alaga o sinomang kasama sa bahay kung paano nabuo ang kanilang buong pangalan at palayaw. Layunin ng gawaing ito na maunawaan ng mag-aaral kung bakit natatangi ang kanilang pangalan. Halimbawa: *Ang pangalan ko ay Marlene. Pinagsamang pangalan ito ng aking tatay na si Marlon at nanay na si Arlene.*



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph


**2. Ako ay si ________.**

**Mga Layunin:**

1. Nalilinang ang kasanayan sa pagbigkas ng tunog ng letra sa mga letra ng buong pangalan (*Literacy Skill Development*)
2. Nalilinang ang kasanayan sa pagsulat o pagbakat ng linya sa mga letra ng buong pangalan (*Writing Skill Development*)
3. Nalilinang ang kasanayan sa pagbilang sa mga letra ng kanilang palayaw (*Numeracy Skill Development*)
4. Nalilinang ang kasanayan sa paghahambing ng bilang ng kanilang palayaw (*Numeracy Skill Development*)
5. Nalilinang ang kasanayan sa paghahayag ng sarili sa pamamagitan ng sining *(Creativity)*

**Mga Kagamitan:** papel, *marker*, *water-based paint* o *water color*
**Bilang ng Kasali**: lahat ng mga bata sa klase
**Paghahanda:**

1. Maghanda ng ilang papel na may linyang gabay sa pagsulat ng pangalan.
2. Gamit ang *marker*, gumawa ng *letter pattern* ng palayaw ng bawat bata sa papel. Maaari ring gumamit ng *letter cutouts*. Tingnan ang halimbawa:




**Pamamaraan:**

1. Ibigay ang papel na may *letter pattern* ng palayaw ng mga bata.
2. Ibigay rin ang *water-based paint* o *water color.*
3. Ipasawsaw sa mga bata ang kanilang daliri na ginagamit sa pagsulat sa *water-based paint* o *water color* sa kulay na gusto nila.
4. Hayaan ang mga bata na sundan ang bawat letra ng kanilang palayaw gamit ang daliring may pintura.
5. Patuyuin ang mga nagawa ng mga bata.
6. Hikayatin ang mga batang sabihin ang kanilang palayaw at ang tunog ng mga letra nito. (Ako si _______.)



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

7. Ipatukoy sa kanila kung ilan ang letra ng kanilang palayaw.
8. Ipahambing ang mga bilang upang matukoy kung kaninong palayaw ang may letrang mas marami, mas kaunti o magkapareho ang bilang.

**3. Class Puppets**

**Mga Layunin:**

1. Nalilinang ang kasanayan sa paghahayag ng sarili sa pamamagitan ng sining *(Creativity)*
2. Nalilinang ang kasanayan sa pagtukoy ng kasarian
3. Nakasusunod nang wasto sa mga panuto sa paglikha ng isang *puppet*
4. Natutukoy ang mga bahagi ng katawan ng babae at lalaki
5. Nasasabi kung paano pangangalagaan ang mga bahagi ng katawan

**Mga Kagamitan:** papel na may iba't ibang hugis at laki, *popsicle sticks*, *yarn,* pandikit
**Mga Kasali:** lahat ng mga bata sa klase

**Paghahanda:**

1. Ibigay sa bawat bata ng mga gagamitin sa gawain. Sabihan ang mga bata na huwag munang gagalawin ang mga gamit hanggang hindi sinasabi ng guro upang maiwasang magkagulo.
2. Bigyan sila ng pamantayan sa pagsasagawa ng gawain.

**Pamamaraan:**

1. Ipakuha sa mga bata ang papel na hugis bilog. Sabihin na ito ang magiging mukha ng kanilang *puppet.*
2. Ipadikit ang *yarn* sa paligid ng hugis bilog na papel na magsisilbing buhok ayon sa kanilang kasarian.
3. Ipalagay ang mga parte o bahagi ng mukha gamit ang iba pang maliliit na hugis.
4. Maaaring magpadikit ng kanilang larawan sa hugis bilog kung nahihirapan ang batang buoin ang mukha.
5. Ipadikit ang binuong mukha o idinikit na larawan sa isang *popsicle stick.*
6. Palagyan ito ng iba pang dekorasyon upang maging mas maayos ayon sa kanilang pagtingin sa *puppet* na ginawa.
7. Ipagamit sa mga bata ang *puppet* na ginawa upang ipakilala ang kanilang mga sarili at ipatukoy ang kanilang kasarian.
8. Ipasabi rin kung paano iingatan ang mga bahagi ng kanilang katawan.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**4. Birthday Wall**

**Layunin:** Nalilinang ang kasanayan sa pagsulat o pagdikit ng pangalan, edad at kaarawan nang wasto.

**Mga Kagamitan:** *cutouts* ng *cone* at *scoops* ng *ice cream*, *cutouts* ng mga letra at bilang (*sets* ng bilang 1-10, *sets* ng buwan mula Enero hanggang Disyembre, araw at taon ayon sa *birthyear* ng mga mag-aaral) pandikit,
**Mga Kasali:** lahat ng mga bata sa klase

**Paghahanda:**
1. Ipamigay isa-isa sa mga bata ang mga kagamitan sa pagbuo ng *ice cream cone*. Ipaalala na hindi muna nila gagalawin ang mga gamit hanggang hindi pa pinahihintulutan ng guro.
2. Bigyan ng mga paalala ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng gawain.

**Pamamaraan:**
1. Pagdikitin ang *cone* at ang *scoop* ng ice cream. Padagdagan sa mga bata ng *scoop* ang *ice cream cone* ayon sa kanilang edad. Halimbawa, ang mga bata na limang taong gulang ay maglalagay ng limang *ice cream scoops*.
2. Ipadikit sa mga bata ang kanilang pangalan at petsa ng kapanganakan sa *cone* ng *ice cream*.
3. Ipakita sa klase ang natapos na gawain.
4. Ipasabi ang nabuong impormasyon tungkol sa kanilang sarili.





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**5. Class Slam Book**

**Layunin:** Nalilinang ang kasanayan sa pagsulat o pagdikit ng impormasyon tungkol sa sarili

**Mga Kagamitan:** *printouts* ng pahina ng *slam book* (isa sa bawat bata) *folder, fastener,* pangalan at palayaw ng mga mag-aaral, *printouts* ng *sets* ng bilang 1-10, *sets* ng buwan, araw at taon ayon sa *birthyear* ng mga mag-aaral, pandikit, *marker*
**Mga Kasali:** lahat ng mga bata sa klase

**Pamamaraan:**
1. Ang bawat bata ay bibigyan ng isang pahina ng *slam book*.
2. Hayaan ang mga bata na lagyan ng detalye ang mga nakasaad sa *slam book* gaya ng pangalan, palayaw, kaarawan, edad.
3. Ang mga natapos na pahina ay pagsasama-samahin sa *folder* na may *fastener* upang mabuo ang *class slam book*.

## B. Iba Pang Mga Gawain sa Math

***Playdough Numbers***

**Layunin:** Nakikilala ang bilang o numero mula 0 hanggang 10 (petsa ng kaarawan)
Nakakapag molde ng luwad (*clay*) ayon sa bilang na hinihingi

**Mga Kagamitan**: *playdough*
**Bilang ng mga Kasali:** 4-6 na bata bawat pangkat
**Pamamaraan:**
1. Bigyan ang bawat bata ng *playdough*.
2. Magsabi ng isang bilang na bubuoin ng mga bata.

**Nasaan ang Bilang?**

**Mga Layunin:**
1. Natutukoy ang bilang ng mga letra sa pangalan
2. Naihahambing ang bilang ng kanilang pangalan sa bilang ng pangalan ng kanilang kamag-aral kung kaunti, marami o magkapareho

**Mga Kagamitan:** *sets of number card* 0-10, *sets of letter cut outs*
**Bilang ng mga Kasali:** 4-6 na bata bawat pangkat


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Pamamaraan:**

1. Bigyan ang bawat pangkat ng *sets of letter cutouts* at *number card.*
2. Ipabilang sa kanila ang mga letra ng kanilang pangalan.
3. Ang bawat bata ay may pagkakataon na kuhanin ang bilang ng kanilang pangalan sa *deck* ng *number card.*
4. Ipagpatuloy hanggang ang lahat ng miyembro ng pangkat ay nakagawa ng gawain.
5. Ipahambing ang bilang ng kanilang pangalan.
6. Ipatukoy kung aling pangalan ang may pinakakaunti, pinakamarami o magkapareho ng bilang ng mga letra.

***Matching Game***

**Layunin:** Natutukoy ang hugis ng mga bagay na ginagamit sa pangangalaga sa mga bahagi ng katawan
**Mga Kagamitan:** malalaking *cutouts* ng imahe ng katawan, mga larawan ng bagay na ginagamit sa pangangalaga ng katawan, pandikit
**Mga Kasali:** 4-6 na bata bawat pangkat
**Pamamaraan:**

1. Ilagay ang malalaking *cutouts* ng katawan.
2. Ipalatag ito sa sahig o sa mesa.
3. Sabihin sa mga bata na idikit sa bahagi ng katawan ang mga bagay na ginagamit upang ito ay linisin o pangalagaan.

**C. Iba Pang Mga Gawain sa *Early Literacy***

***<u>Playdough Letters</u>***

**Layunin:** Nakikilala ang mga letra sa Alpabetong Filipino (batay sa kanilang pangalan at palayaw)
Nakabubuo ng letra gamit ng luwad (*clay*)
**Mga Kagamitan:** *playdough*
**Bilang ng mga Kasali:** 4-6 na bata bawat pangkat

**Pamamaraan:**

1. Bigyan ang bawat bata ng *playdough*.
2. Sasabihin ng guro ang letra na bubuuin ng mga bata.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

***Picture Puzzle***

**Layunin:** Nalilinang ang *fine-motor coordination* at *visual discrimination* ng mga bata (bahagi ng katawan at kasarian)
**Mga Kagamitan:** *puzzle pieces* ng iba't ibang imahe ng bahagi ng katawan ng isang bata at larawan ng batang babae at lalaki
**Mga Kasali:** 4-6 na bata bawat pangkat
**Paghahanda:**

1. Mag-*print* ng 8-10 na litrato ng mga bahagi ng katawan/larawan ng babae at lalaki.
2. Gupitin ito sa 4-6 na piraso.

**Pamamaraan:**

1. Bigyan ang bawat pangkat ng isang *set* ng ginupit na larawan.
2. Ipabuo ang *puzzle.*
3. Magpakuwento tungkol sa nabuong *puzzle*.
4. Maaaring magpalitan ng *puzzle* na bubuoin.

***Rhyming Word Sit Down Game***

**Layunin:** Natutukoy ang mga magkatugmang salita (unahan o hulihang pantig ng pangalan o palayaw at iba pang salitang magkakatugma )
**Mga Kasali:** 6-8 na bata bawat pangkat
**Pamamaraan:**

1. Nakatayo ang mga bata sa simula.
2. Magbabanggit ang guro ng dalawang salita (pangalan o palayaw ng mga bata at iba pang salitang magkakatugma).
3. Kapag ang dalawang salita ay magkatugma, uupo ang mga bata (unahan o hulihang pantig ng pangalan o palayaw).
4. Mananatili naman silang nakatayo kung hindi magkaugma ang salitang narinig.
5. Maaaring lapatan ng awit upang maging mas kagiliw-giliw sa mga mag-aaral ang gawain.

***Spell it!***
(Maaari itong gamitin bilang bahagi ng *free play* o *independent activity* ng mga mag-aaral.)
**Layunin:** Nalilinang ang kasanayan sa pagbaybay ng mga salita (buong pangalan at palayaw)
**Mga Kagamitan:** *letter tiles, letter cutouts*
**Mga Kasali:** 2-4 na bata bawat pangkat

**Pamamaraan:**

1. Kukuha ang bawat bata ng mga letra.


DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

2. Bubuoin nila ang kanilang pangalan o palayaw.
3. Gamit ang *letter tiles*, babaybayin ng bata ang kanilang pangalan o palayaw.
4. Tingnan kung wasto ang pagbabaybay ng kanilang pangalan o palayaw.

**D. *Indoor/Outdoor Activities***

Ang sumusunod na mungkahing gawain ay dapat na magkakaiba araw-araw upang maiwasan ang pagkabagot ng mga mag-aaral. Maaari ring bawasan ang oras ng paglalaro ng 5-10 minuto upang magkaroon ng pagkakataon ang mga batang makapagpahinga.)

**Malayang Paglalaro**

**Bilang ng Kasali:** lahat ng mga bata
**Pamamaraan:**
1. Gamit ang mga laruan at mga gamit sa loob ng silid-aralan, hayaan ang mga batang maglaro at piliin ang kanilang mga lalaruin.
2. Maaaring umikot ang guro upang makipagkwentuhan sa mga bata tungkol sa kanilang nilalaro o binubuo.

***Freeze/Stop Dance***

**Bilang ng mga Kasali:** lahat ng mga bata
**Pamamaraan:**
1. Magpapatugtog ang guro ng isang kanta at hihikayatin niya ang mga bata na sumayaw habang mayroong tugtog.
2. Ititigil ng guro ang tugtog at kailangan din huminto ng mga bata.
3. Ang makitang gagalaw ng wala na ang tugtog ay matatanggal sa laro.

**Lumulubog ang Bangka**

**Bilang ng Kasali:** Higit sa 4 na bata
**Pamamaraan:**
1. Magtatalaga ng isang bata na magiging unang "taya."
2. Sasabihin ng taya: "Lumulubog ang bangka, magpangkat ng tig-[bilang]." Puwede niya itong ibahin, katulad ng ayon sa kasarian, sa edad, o sa unang letra ng kanilang mga pangalan upang magamit ang kanilang natutunan sa klase.
3. Bubuo ang mga manlalaro ng mga grupo na ayon sa sinabi ng "taya".
4. Habang bumubuo ang mga grupo, susubukan ng "taya" na makasali sa isa sa mga grupo.
5. Ang maiiwan na walang grupo o hindi kasali sa grupo ang magiging bagong "taya."



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

***Bring Me!***

**Bilang ng Kasali:** lahat ng mga bata na hahatiin sa dalawang grupo
**Pamamaraan:**
1. Ang mga bata sa klase ay hahatiin sa dalawang grupo.
2. Sasabihin ng guro na maaaring kumuha ng kahit na anong bagay ang mga bata sa klase na ayon sa kanyang sasabihin.
3. Maaari itong iayon sa natutunan sa klase tungkol sa kanilang edad. Halimbawa, magbigay ng 5 pangkulay, magbigay ng 5 sapatos, atbp.
4. Ang mga grupo ay maghahanap o bubuo ng kinakailangan ng guro upang manalo.

***Bottle and Straw Relay***

**Bilang ng Kasali:** lahat ng mga bata na hahatiin sa apat na grupo
**Pamamaraan:**
1. Ang mga bata sa klase ay hahatiin sa apat na grupo at sila ay gagawa ng isang pila.
2. Ang guro ay maglalagay ng mga bote katapat ng mga bata.
3. Iaabot niya ang mga *straw* sa mga bata.
4. Ang mga bata ay magpapaunahang mailagay ang isang *straw* sa bawat bote at isa-isa itong kuhanin pabalik sa kanilang pila.
5. Ang lahat ng mga bata sa pila ay gagawin ito.
6. Ang maunang makatapos ang mananalo.

**E. Mga Kanta**

| | | |
|---|---|---|
| Mga Kanta:<br>**<u>Kaibigang Libro</u>**<br><br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro<br>Laging handang<br>Magkuwento sa inyo<br>Ingatan ninyo ako<br>Alagaan ninyo ako<br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro | **<u>Munting Bituin</u>**<br>(Twinkle, Twinkle Little Star)<br><br>Kay ningning munting bituin,<br>Liwanag sa gabing madilim.<br>Kislap ng kislap para kulisap,<br>Nagtatago sa likod ng ulap<br>Kay ningning munting bituin<br>Liwanag sa gabing madilim | **<u>Masaya Kung Sama-sama</u>**<br><br>Masaya kung sama-sama (3x)<br>Masaya kung sama-sama<br>At may tawanan<br><br>Kay lungkot ng buhay<br>Kung wala kang kaibigan<br>Masaya kung sama-sama<br>At may tawanan |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | |
|---|---|---|
| Huwag tatapakan<br>Huwag uupuan<br>Huwag pupunitin<br>Ang mga pahina<br>(Ulitin ang stanza 1) | | |
| **Nasaan ang mga lalaki?**<br>*(Tune: Where is Thumbkin?)*<br><br>Nasaan ang mga lalaki? (2x)<br>Nandito kami! (2x)<br>Kumusta kayo ngayong araw? (2x)<br>Mabuti't masaya! (2x)<br><br>Bilangin ang mga lalaki (2x)<br>Ilan lahat kayo? (2x) | **Nasaan ang mga babae?**<br>*(Tune: Where is Thumbkin?)*<br><br>Nasaan ang mga babae? (2x)<br>Nandito kami! (2x)<br>Kumusta kayo ngayong araw? (2x)<br>Mabuti't masaya! (2x)<br><br>Bilangin ang mga babae (2x)<br>Ilan lahat kayo? (2x) | ***Sino ang limang taon?***<br>*(Tune: Where is Thumbkin?)*<br><br>Sino-sino ang limang taon (2x)<br>Tumayo kayo (2x)<br><br>Kami'y limang taon na (2x)<br>Halina't tumayo! (2x)<br><br>(Baguhin ang edad ayon sa mag-aaral.) |
| **Kumusta, Kumusta**<br><br>Kumusta, kumusta, kumusta<br>Kumusta kayong lahat<br>Ako'y tuwang-tuwa<br>Masaya't nagagalak<br>Tralalalala, Tralalala (2x) | **Paalam na Sa'yo**<br><br>Paalam na sa'yo<br>Paalam na sa'yo<br>Bukas babalik<br>Bukas babalik (2x) | ***Nasaan si _________?***<br><br>Nasaan si _______(name of the child)? (2x)<br>Heto (2x)<br>There she/he is. (2x)<br>Kumusta kayo ngayong araw? (2x)<br>Mabuti't masaya! (2x<br><br>(Ulitin hanggang ang lahat ng pangalan ay matawag.) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph